



## PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGLALABAS:** Agosto 13, 2020

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Kristine Roselius - 415.519.5419

## Kinokondena ng Air District ng Bay Area ang pagbawi ng Administrasyong Trump sa tuntunin sa methane

**SAN FRANCISCO** – Pahayag ngayong araw ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) hinggil sa pag-aanunsyo ng Administrasyong Trump ngayong araw tungkol sa mga plano ng pagpapawalang-bisa sa mga paghihigpit sa pagpapalabas ng methane:

*“Isang napakalaking pagkakamali ang pagpili ng Administrasyong Trump na muling bawasan ang mga proteksyong pangklima sa pamamagitan ng pagbawi sa mahahalagang paghihigpit sa methane, isang matapang na greenhouse gas. Sa kasawiang-palad, hindi kataka-taka ang tuloy-tuloy na pagbalewala ng administrasyon sa kalusugan ng publiko at pagkiling sa isang gobyerno ng kaguluhan. Ang intensyonal na pagsuway na ito sa agham at sentido komun ay nagbabantang makagawa ng kalamidad sa klima sa pamamagitan ng paggatong sa mas maraming malasakunang sunog sa kagubatan at mabilis na pagpapataas ng antas ng pagpaparumi sa hangin. Habang sinisimulan nang tangkilikin ng mundo ang mas green na mga gatong at mga progresibong aksyon sa klima, paatras naman ang takbo ng Administrasyong Trump. Ang Bay Area Air Quality Management District ay matiyagang nagsusumikap na bawasan ang mga emission ng methane sa rehiyon sa pamamagitan ng isang hanay ng mga bagong regulasyon at hahamunin nito ang desisyong iyon upang maprotektahan ang kalusugan ng lahat ng residente ng Bay Area.”*

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

---

Air District Communications Office  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)